7:4
10-22-10

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG OKTUBRE 18, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-10:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad – nagpaalam |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad – may karamdaman |

**KAPASIYAHAN BLG. 182 - T2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY PAGSAWITAN NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN PITUMPU'T WALONG LIBO ANIMNARAAN LIMAMPU'T APAT NA PISO (Php278,654.00) MULA SA ADDITONAL INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) ENERO HANGGANG AGOSTO 2010 NA MAY KABUUANG HALAGANG Php388,654.00 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php77,730.00); 10% SK FUND (Php38,865.40); 5% CALAMITY FUND (Php19,432.70); FINANCIAL ASSISTANCE (MGA KABALIKAT) (Php79,000.00); OFFICE SUPPLIES (Php20,000.00); GASOLINE (Php30,000.00) AT REPAIR AND MAINTENANCE – BARANGAY HALL (Php13,625.90) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet ng Barangay ng Pagsawitan sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 124-T2010 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 108-T2010 na nagpapatibay ng halagang Php278,654.00 mula sa Additional IRA mula Enero hanggang Agosto 2010 upang ilaan sa 20% development fund (Php77,730.00); 10% SK fund (Php38,865.40); 5% Calamity Fund (Php19,432.70); Financial Assistance (Mga Kabalikat) (Php79,000.00); Office Supplies (Php20,000.00); Gasoline (Php30,000.00) at Repairs and Maintenance of Barangay Hall (Php13,625.90) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Florencio C. Odejar, Laarni A. Malibiran at Isagani R. Malapaya at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Barangay Pagsawitan na nagkakahalaga ng halagang Php278,654.00 mula sa Additional IRA mula Enero hanggang Agosto 2010 upang ilaan sa 20% development fund (Php77,730.00); 10% SK fund (Php38,865.40); 5% Calamity Fund (Php19,432.70); Financial Assistance (Mga Kabalikat) (Php79,000.00); Office Supplies (Php20,000.00); Gasoline (Php30,000.00) at Repairs and Maintenance of Barangay Hall (Php13,625.90) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim

NAGPATOTOO:

LOUIE C. DE LEON
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

NAGPATOTOO:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan